

Pinansiyal na Tulong sa Providence:

Bilang pagsunod sa aming misyon at mga ubod ng pagpapahalaga, pinangangalagaan ng Providence ang mga tao at ang kanilang mga pangangailangang pangkalusugan nang hindi alintana ang kanilang kakayahang magbayad. Dedikado kami sa pakikipagtulungan sa aming mga pasyente sa kabuuan ng anumang problemang pinansiyal, kabilang ang paghahanap ng mga paraan upang magawang mas abot-kaya ang medikal na pangangalaga. Nag-aalok ang mga ospital ng Providence ng pinansiyal na tulong sa mga karapat-dapat na pasyente na walang pinansiyal na kakayahang magbayad para sa kanilang mga medikal na bayarin. Kung nagkakaroon ka ng problema sa pagbabayad para sa lahat ng o ilan sa iyong pangangalagang pangkalusugan, hinihimok ka naming makipag-usap sa isang Pinansiyal na Tagapayo sa Providence o sa sinuman sa aming tanggapan ng negosyo tungkol sa kung paano ka namin matutulungan.

Ano ang Nasasaklaw? Para sa mga serbisyong emergency at medikal na kinakailangan sa mga ospital sa Providence, nagbibigay kami ng pinansiyal na tulong sa mga karapat-dapat na pasyente batay sa sliding fee scale, na may mga diskuwentong naglalaro mula 75 hanggang 100% batay sa kakayahang magbayad. Ang pinansiyal na tulong para sa iba pang mga serbisyo o sa aming mga pasilidad na hindi pang-ospital ay pinamamahalaan ng mga patakaran ng organisasyon sa Providence na nagbibigay ng pangangalaga.

Paano Mag-aplay? Maaaring mag-aplay ang sinumang pasyente upang makatanggap ng pinansiyal na tulong. Ang isang pasyenteng humihingi ng pinansiyal na tulong ay dapat magbigay ng sumusuportang dokumentasyon na tinukoy sa aplikasyon, maliban kung may ipinakitang ibang paraan ang Providence. Maaaring makuha online ang form ng aplikasyon, sa pamamagitan ng telepono, o mula sa website na nakasulat sa ibaba.

Iba Pang Tulong:

Tulong sa saklaw: Kung wala kang segurong pangkalusugan, maaari kang maging karapat-dapat para sa iba pang programa ng pamahalaan at komunidad. Maaari ka naming matulungan na malaman kung ang mga programang ito (kabilang ang mga benepisyo ng Medicaid at Veterans Affairs) ay makakatulong na saklawan ang iyong mga medikal na bayarin. Maaari din kaming makatulong sa iyo na mag-aplay para sa mga programang ito.

Mga Diskuwentong para sa Hindi Nakaseguro: Nag-aalok ng diskuwento ang Providence para sa mga pasyenteng maaaring walang saklaw ng segurong pangkalusugan. Makipag-ugnayan sa amin tungkol sa aming programa sa diskuwento.

Mga plano sa pagbabayad: Pagkatapos maiproseso ng kompanya ng iyong seguro ang iyong bayarin, anumang balanse para sa mga halagang utang mo ay dapat mabayaran sa loob ng tatlong araw. Maaaring bayaran ang balanse sa alinman sa mga sumusunod na paraan: awtomatikong credit card, plano sa pagbabayad, hawak na salapi, tseke, online na pagbabayad ng utang o credit card. Kung kinakailangan mo ang isang plano sa pagbabayad, pakitawagan ang numero sa iyong kuwenta ng bayarin para magsagawa ng mga pakikipag-ayos.

Emergency na Pangangalaga: Ang mga ospital sa Providence na may mga dedikadong departamento na pang-emergency ay nagbibigay ng pangangalaga para sa emergency na mga medikal na kondisyon (tulad sa ipinaliliwanag ng Emergency Medical Treatment and Labor Act) nang walang diskriminasyon na naaayon sa mga magagamit na kakayahan, nang walang pagsasaalang-alang kung may kakayahan ang pasyente o wala upang magbayad o karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong.



Makipag-ugnayan sa Amin para sa Suporta sa Pinansiyal na Tulong o Mga Aplikasyon

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagkuha ng tulong para sa iyong mga medikal na bayarin sa Providence, pakitawagan o bisitahin ang isang pinansiyal na tagapayo o naniningil na tanggapan sa iyong lokal na pasilidad sa Providence. Maaari ka naming bigyan ng anumang mga form na kinakailangan mo at maaari kang matulungan na mag-aplay para sa tulong. Mahigpit na hinihimok ang mga pasyente na humingi ng pinansiyal na tulong bago tumanggap ng medikal na paggamot, kung posible. Maaari ding mag-aplay ang mga pasyente anumang oras habang tumatanggap ng paggamot at sa loob ng isang tagal ng panahong kasunod sa pagtanggap ng iyong inisyal na bayarin.

Kung mayroon kang mga tanong o gustong makatanggap ng form ng aplikasyon sa pinansiyal na tulong, pakikontak ang nasa ibaba:

- Sa pamamagitan ng telepono: 1-866-747-2455
- Sa aming website sa: www.providence.org